

Liturhiya para sa Ikalawang Linggo ng Pagdatal/Linggo ng Pamilya

## Ang Gawain ng Pagtitipon

### Prosesyonal

Ang pamilya na mangunguna sa pagsamba ay sasama sa prosesyonal dala ang ilang mga simbolo katulad ng bibliya, krus, mga bulaklak at ang dalawang kandila ng pagdatal, ang sisindihan at ang isa ay hindi.

### + Paghahanda

**Patnugot:** Ang mabukadkad na salita ng Diyos na nagbibigay liwanag at nagpapahayag ng simpleng pagkaunawa

**Lahat:** **Habang tayo ay naghihintay sa nakikipamuhay na liwanag ay ating pakinggan ang salita ng Diyos at mamuhay sa turo ni Cristo.**

Tunog ng kampana

### Song"O Come, O Come Emmanuel"

Oh, come, oh, come, our Lord of might, who to your tribes on Sinai's height  
In ancient times gave holy law, in cloud and majesty and awe.  
Rejoice! Rejoice! Emmanuel, shall come to you, O Israel!  
Oh, come O Rod of Jesse's stem, from ev'ry foe deliver them  
That trust your mighty pow'r to save; Bring them in vict'ry through the grave.  
Rejoice! Rejoice! Emmanuel, shall come to you, O Israel!

Sound of Bell

### Pagsisisi ng Kandila ng Pagdatal: Ang Kandila ng Kapayapaan

**Mga tatay:** Habang sinisindihan natin ang kandilang ito ay ating kinikilala na ang kapayapaan ay hindi naghahari sa ating mundo. Sapagkat ang kalikasan ay patuloy na winawasak.

**Mga nanay:** May mga digmaan sa pagitan ng mga bansa. Umiiral ang kawalang katarungan sa bawat bansa. Namumutawi ang karahasan sa mga magkakaibigan. At ang karapatan ng mga bata ay inaabuso na tayo mismo ang nakasasaksi.

**Anak 1:** Tayo'y nagtatanong "Nasaan ang ating pag-asa"? Sino ang magtuturo sa atin sa daan ng kapayapaan at pagkakasundo? Saan tayo makahanap ng lakas, ng katatagan, ng tapang para kumilos para sa kapayapaan at katarungan?"

**Anak 2:** Sa tuwina ay inaanyayahan tayo ng batang si Jesus upang maghanda sa kanyang pagsilang at pagsilang ni Jesus dala nito'y pag-asa.

**Lahat:** Sa buhay at turo ni Jesus ay mahahanap natin ang daan ng kapayapaan at katarungan. At sa tulong ng Banal na Espiritu ay ating matatagpuan ang katapangan at ang kalakasan sa pagkilos para sa kapayapaan.

### Panalangin para sa Kapayapaan (Lahat )

O Diyos ng lahat na mga kaloob, ang kandilang ito ay kumakatawan sa aming pagnanais na makilala ka nang buong-buo' upang maunawaan namin ng lubos ang iyong pag-ibig para sa amin na ang kapayapaan ay maaring mamalagi sa iyong banal na bundok. Tulungan po Ninyo kami sa panahong ito ng aming paghahanda, na maalala namin ang

totoong kahulugan ng paghahanda sa aming mga sarili upang makisangkot sa iyong mapayapa at maibiging layunin. Ipagkaloob mo rin po sa amin ang katapangan upang ikalat ang mensahe na ang kapayapaan at pag-ibig ay para sa lahat ng tao. Ipagkaloob mo po ang kagalingan sa aming personal na buhay upang malaman namin ang kagalakan sa totoong kasaganaan ng buhay . Amen!

Tunog ng kampana

**+Imno ng Pagsamba** "Jesus Shall Reign Where'er The Sun"

by Isaac Watts, 1674-1748

Jesus shall reign where e'er the sun, doth<sup>h</sup>his successive journeys run;  
His kingdom stretches from shore to shore, till moons shall wax and wane no more.  
To him shall endless prayer be made, and praises throng to crown his head;  
His Name like sweet perfume shall rise, with every morning sacrifice.  
People and realms of every tongue, dwell on his love with sweetest song;  
And infant voices shall proclaim, their early blessings on his Name.  
Blessings abound where e'er he reigns: The prisoner-leaps to lose his chains,  
The weary find eternal rest, and all the sons of want are blest.  
Let every creature rise and bring, peculiar honors to our King;  
Angels descend with songs again, and earth repeat the loud. Amen.

**Tawag sa Pagsisisi (Patnugot)**

Hindi tayo makapananatiling walang imik. Hindi lamang natin nababatid alam ang uri ng buhay na kung saan tayo'y tinawag upang pangunahan ito, batid rin natin kung paano tayo nagkakamali—sa pamamagitan ng ating mga pananalita at pananahimik, sa pamamagitan ng ating mga gawa at hindi pagkilos. Ipahayag natin ang lahat ng ito sa Diyos na nasa ating kalagitnaan.

**Panalangin ng Pagsisisi (Lahat)**

Tinatawag mo po kaming sambahayan nanamumuhay kasama mo. Kalingain ang mga nawawala subalit masyado kaming abala upang Kayo O Diyos ay pakinggan.  
Nagsusumiksik tayo sa mga tindahan na pinatatakbo ng tukso at pang-aakit, naghahanap ng mababang presyo. Agad naming hinahatulan ang mga tao sa paligid namin, ngunit hinihiling po namin sa Inyo ang higit na pasensya sa aming paulit-ulit na pagkakamali.  
Nagsasalusalo kami sa hapag ng pagmamataas kasama ang di namin pagtupad sa aming mga pangako at umiinom sa saro ng kumupas na mga pangarap.  
Kaya't patuloy kang nanaghoy, Nadurog ang Puso, nagsasalita sa amin ang iyong pag-ibig. Ang kapatawaran ay ipagkaloob para sa bawat pagkakataon, hindi lamang isang araw, subalit ang pag-asa ay sumasaatin habang tayo ay naglalakbay kasama ni Jesu-Cristo, na ating Diyos at Tagapagligtas, na siyang inyong tagapaghatid ng kahabagan.

Tunog ng kampana

**Awit ng pagsisisi**

**The Steadfast Mercy of God**  
(Ang Kalooy sa Ginoo)

Music: Elena G. Maquiso, 1971 Words: Feliciano R. Ursos;  
Eng. Trans. Sally B. Villagante

The—stead-fast mer-cy of God—has the wide-ness of the— sea, God's— fair - ness and sense of  
The— bless-ed love of— God,— o - ver - flo - wing without— cease Spring - ing from the depths of com -  
just - ice are more than li - ber - ty. The grief and pain deep in our hearts God, in  
pass-ion, God's heart em - brac - ing our pain. If we love God to the full - est and we  
mer - cy knows and— feels, Hu - man frail-ties and our— weak-ness in God's me-cy cast a - side.  
trust in the Liv - ing Word, We would have a life filled with glad-ness. Our— God be glo-ri - fied!

**Kapahayagan ng Kapatawaran ng Diyos (Pastor)**

Nawa 'y lubusan kayong pabanalín ng Diyos na siyang nagbibigay ng kapayapaan. At nawa'y panatilihin niyang walang kapintasan ang buo ninyong katauhan – ang espiritu, kaluluwa at katawan – hanggang sa pagparito ng ating Panginoong Jesu-Cristo.  
(1 *Tesalonica* 5:23 ) Magalak pagkatapos ay magpasalamat habang tinatanggap natin ang kapatawaran at kagalingan sa pangalan ni Jesus. Amen!

**Pagbabahaginan ng Kapayapaan**

“ Bilang pinatawad na bayan ng Diyos, tayong lahat ay tumayo at ibahagi ang kapayapaan ng Diyos sa isa't-isa. ( habang inaawit ang “I've Got Peace Like A River”)

**Malasakit ng Iglesya/Komunidad****Panalangin ng Sambayanan****Tugong awit**

“Kum Ba Yah My Lord”

Kum ba yah my Lord, kum ba yah (2x) O Lord Kumbayah  
Someone's praying Lord, Kum ba yah(2x) O Lord Kum ba yah

**Pagbasa ng Tula**

“Ideal World”

(HFJ #458 but it is ok to read another poem on peace if you have one)

**Pagbasa ng Banal na Kasulatan**

**Jeremias 33:14-16, Roma 15:12-13**

**Mensahe ng Awit****Mensahe ng Salita****Tawag sa Paghahandog (Patnugot)**

Sa pamamagitan ni Cristo, ay ating patuloy na papurihan ang Diyos at ibahagi kung anong mayroon tayo sapagkat ang mga biyayang ito ay nakakalugod sa Diyos.

**Paghahandog****Awit sa Paghahanda:**

“Silent Night, Holy Night”

Men's Choir or Family Choir

**Doksolohiya**

**+Panalangin ng Pasasalamat (Lahat)**

Mahabagin at mapagbigay na Diyos, muli kaming naghahanda para sa pagsilang ng iyong piniling Anak. Sa pamamagitan ng mga boses ng mga propeta at mga tagapagpahayag, ay narinig kayo kahit sa pinakadulo ng ilang at pinakamatatarik na kaburulan. Ibukas ang aming puso at ang aming mga isip nang sa gayon ay marinig namin ang kwento ng kaligtasan. Ang pagkakaloob naming ito ng mga salapi ay kapahayagan ng aming di magmamaliw na aleluya para sa iyo. Aming iniaalay ang kaloob na ito sa gawain ng iyong kaharian. Amen!

**+Awit ng Pagtatalaga** "Make Me a Channel of Peace"

Make me a channel of your peace. Where there is hatred, let me bring your love.

Where there is injury, your pardon, Lord. And where there's doubt, true faith in you.

Make me a channel of your peace. Where there's despair in life, let me bring hope

Where there is darkness, only light. And where there's sadness, ever joy.

Refrain

Oh, Master grant that I may never seek, so much to be consoled as to console

To be understood as to understand, to be loved as to love with all my soul.

Make me a channel of your peace. It is in pardoning that we are pardoned

In giving to all men that we receive and in dying that we're born to eternal life.

Refrain

Make me a channel of your peace. It is in pardoning that we are pardoned.

In giving to all men that we receive and in dying that we're born to eternal life.

Refrain

**+Pangwakas na Panalangin (Pastor)**

Panginoon nagpapasalamat po kami sa Iyong pakikipisansa amin ngayong araw na ito at sa kapahayagan ng Iyong Salita na dinala sa amin ng tagapagsalita. Nawa ang bawat kaluluwa sa lugar na ito ay naantig ng mga awitin at ng pagpapahayag, at nawa ay matanim sa puso ng bawat isa ang Iyong Salita. Dalangin po namin na ang sinumang naghahanap ng kasagutan ay matanggap ito at yaong mga taong nangangailangan ng espesyal na kalinga ay pagkalooban ng gayong damdamin. Pagpalain mo po ang bawat isa sa amin at nawa ay manatili kaming ligtas hanggang sa kami ay muling magsama-sama. Sa pangalan ni Jesus, ito ang aming dalangin. Amen!

**+Pagpapala (Pastor)**

Humayo tayo ngayon: maghintay at kumilos para sa pagdating ng araw ng Panginoon. Sa mapanganib na lugar ay maghanda ng tuwid na daan para sa Diyos. Manguna sa buhay na may kabanalan, tiyakin na hanapin ang kapayapaan at magsalita nang may kalayaan sa kalinga at pangako ng Diyos. At ngayon, nawa'y tipunin kayo ng Diyos na ating pastol sa kanyang mapagmahal na mga bisig; Nawa din ay itaguyod ni Jesu-Cristo ang katarungan at kapayapaan kasama ninyo' At nawa ang Banal na Espiritu ang magbautismo sa inyo patungo sa buhay na kasama ang Diyos. Tayo ay humahayo na may kapayapaan para magmahal at maglingkod sa Panginoon. Sa pangalan ni Cristo, ito ang aming dalangin. Amen!

**Pangwakas na Tugtugin (Sa pamamagitan ng gitara)****Resesyonal****Sources**

1. Words for Worship edited by Arlene M. Mark
2. Worship Resources 9<sup>th</sup> CCA Assembly
3. Resources and Reflections for Worship
4. Worship Together
5. Worship Elements and Symbols
6. Hymnal of Faith Journey
7. www.ucc.worship resources

Ikalawang Linggo ng Pagdatal / Linggo ng Pamilya

Lectionary Title 2: **Ang Pagkatawag kay Maria**

*Matandang tipan: Isaias. 7:14* (NRSV, 1989)

14 “Kaya nga’t ang Panginoon na rin ang magbibigay ng palatandaan; Maglililihi ang isang dalaga at manganganak ng isang lalaki at ito’y tatawaging Emmanuel. “

*Bagong tipan: Lukas 1:26-35* (NRSV, 1989)

Ipinahayag ang Panganganak kay Jesus

26 Nang ikaanim na buwan na ng pagdadalantao ni Elisabet, ang anghel Gabriel ay sinugo ng Diyos sa Nazareth, Galilea. <sup>27</sup>sa isang dalaga na ang pangala’y Maria. Siya’y nakatakdang ikasal kay Jose, isang lalaki buhat sa lipi ni Haring Davd. 28 Paglapit ng anghel sa kinaroroonan ng dalaga, binate niya ito. “Matuwa ka! Ikaw ay kalugud-lugod sa Diyos, “wika niya. Sumasaiyo ang Panginoon! “ <sup>29</sup>Nagulumihan si Maria sa gayong pangungusap at inisip niyang mabuti kung ano ang kahulugan niyon. 30 Kaya’t sinab sa kanya ng anghel, “Huwag kang matakot, Maria, sapagkat kinalulugdan ka ng Diyos. 31 Makinig ka! Ikaw ay maglililihi at manganganak ng isang lalaki at siya’y tatawagin mong Jesus. 32 Magiging dakila siya at tatawaging Anak ng kataas-taasan . Ibibigay sa kanya ng Panginoong Diyos ang trono ng kanyang amang si David. 33 Maghahari siya sa angkan ni Jacob magpakailanman at ang kanyang paghahar ay walang hanggan. 34 Paanong mangyayari ito, gaong ako’y dalaga? Tanong ni Maria. ’ 35 Sumagot ang anghel, “Bababa sa iyo ang espiritu Santo at lililiman ka ng kapangyarihan ng kataas-taasan. Kaya’t banal ang ipapanganak mo at tatawaging Anak ng Diyos.

**Pangkalahatang Kosepto: Ang babaeng pinili upang maging ina ni Jesus ay nagmula sa mababang uri ng lipunan.**

Susing Konsepto para sa Lahat ng Antas

N/K/YE: **Si Maria ina ni Jesus**

ME/OE: **Si Maria ay hinirang upang maging ina ni Jesus.**

Y: **Tinanggap ni Maria ang kanyang pagkahirang bilang ina ni Jesus.**

A: **Kinalinga ni Maria sa pananampalataya ang kanyang pamilya.**

*Malalimang Pag-unawa sa Batayang Biblikal*

Ang propetikong kapahayagang ito ni Isaias ay nagsisilbing pananda sa katiyakang nagmumula sa Diyos, na naganap sa panahon ng paghahari ni Haring Ahaz kung kailan ang Juda ay pinagbabataang sakupin ng alyansang Syria at timog kahariang Israel. Nang panahong yaon, nababahala si Haring Ahaz sa lumalakas na kapangyarihan ng Asyria na siyang pinagmumulan ng napakalaking banta sa pangmatagalang seguridad na mayroon ang bansa. Dahil sa takot, napilitan ang haring sumanib sa Syro-Israelitang alyansa ng maliliit na bansa upang labanan ang malaking imperyong Asyria. Kung hindi niya ito gagawin, aatakin ng alyansa ang Jerusalem at magluluklok sila ng bagong hari na magiging sunud-sunuran sa alyansa. Parehong hinaharap ni Ahaz ang mga mayor na banta at temptasyon na umasa sa tulong ng ibang bansa mailigtas lang kanyang sarili at ang seguridad ng Juda. Ang hakbang na ito’y hindi naaayon sa Diyos na siyang sinasabi ni propeta Isaias. Tanging sa Diyos lamang dapat magtiwala si Ahaz at hindi sa politiko-militar at iba pang mga alyansa. Kasunod nito’y nagsalita ang propeta tungkol sa palatandaan ng Diyos na siyang tumutukoy sa susunod na magiging hari. Ayon sa propeta maglililihi ang

isang dalaga (ha almah) at manganganak ng lalaki, at tatawaging Emmanuel (kasama natin ang Diyos). Ang palatandaang ito'y tumutukoy sa asawa ni Ahaz at siya'y maglilihi na may gayong pangalan, nangangahulugan ito na ang sanggol ay katibayan ng di magmamaliw na presensya ng Diyos, nanatiling kasama ang Diyos sa kabila ng panganib at banta na kanilang kinakaharap bilang bayan. Kasama nila (natin) ang Diyos kahit sa mga yugtong humaharap tayo sa mabibigat na panganib at nakakaligalig na mga panyayari. Hindi natin kailangang umasa sa mga alyansa pulitikal kahit pa sa mga dayong kapangyarihan. Tanging sa presensya at gagawing pagliligtas ng Diyos lamang dapat magtiwala ang mga tao. Ito ang muli binigyang diin ng ebanghelyo ni Mateo at ang kanyang pagtukoy sa propetikong palatandaan ni Maria, ang ina ni Jesus na siyang kumakatawan sa pag-asa na muling makakapiling ng nagdurusa at inaaping mamamayan ang Diyos. Kailangan lang nilang magtiwala sa paparating na nabubuhay na tanda at kumakatawan sa pag-asang ito na siyang binanggit ng propeta kay Haring Ahaz sapanahong nasa mahigpit na kalagayan ang Israel.

Ang aklat ni Lucas ay nagsasaad kung paano pinili si Maria bilang ina ng Anak ng Kataas-taasan at siyang magmamana ng kaharian at trono ng ninuno niyang si David. Si Maria ay isang birhen o sa madaling salita dalaga. Ang pagpapakita ni Gabriel, ang mensahero ng Panginoon, ay sadyang napakahiwaga para sa kanya dahil sino ba naman siya bilang tao. Sapagkat sa tradisyon ng mga Hudyo, hindi pantay ang kalagayan sa lipunan ng mga kababaihan at kalalakihan, kaya't hindi katanggap-tanggap na hirangin ang isang babae tulad ni Maria. Idagdag pa ang malaking suliraning umusbong kaugnay ng pangyayaring ito, ang kanyang pagdadalantao bilang dalaga at hindi pa ikinakasal kay Jose na kanyang magiging asawa. Hindi tulad ng pinsan niyang si Elizabeth na tanggap ng lipunan ang kanyang pagdadalantao dahil kasal siya kay Zacarias. Mahigpit ang alituntunin para sa mga kagaya nila Jose at Maria na hindi pwedeng mamuhay ng magkasama ng hindi pa ikinakasal. Sa ganitong diwa ang Diyos ay nagpakilala bilang makapangyarihan at bumabali sa lahat ng tradisyon at paniniwala ng lipunan. Nangangahulugan lamang ito na ang Diyos ay nagbibigay ng panibagong perspektiba tungkol sa mapangligtas na gawa ng Diyos sa pamamagitan ng kanyang mga instrumento na ang turing ng marami ay imposible o di nararapat katulad ni Maria; bukod sa pagiging babae ay hindi pa ikinakasal. Ang kapahayagang ito ni Gabriel ay lalong nagpaalala sa kalagayan ni Maria at sa pagtingin ng pamayanan sa kanya bilang dalagang nagdadalantao at hindi pa opisyal na ikinakasal. Ganun pa man, buong puso niyang tinanggap ang kalooban ng Diyos sa pamamagitan ng pagpapasakop sa Kanya bilang mapagpakumbabang lingkod. Ipinapakita ng pangyayaring ito ang uri ng espirituwalidad na mayroon siya, pananampalatayang matapang kahit katumbas nito'y ang kanyang karangalan at paggalang ng pamayanan. Ipinapakita rin ng karanasang ito ni Maria na ang Diyos ang Siyang may kontrol anuman ang mangyari. Tanging ang Diyos lamang ang makapangyayari sa kanyang buhay ayon na rin sa Kanyang kalooban at tanging sa kapangyarihan lamang Niya magkakaroon ng katuparan ang lahat ng bagay-bagay. Ang pangitaing ito ang siyang mangyayari sa kinabukasan at siyang buong-buong pinaniniwalaan at pinagtitiwalaan ni Maria.

*Tulong Gabay sa mga Guro at Mambabasa*

Upang malalim na makilala si Jesus, marapat muna nating kilalanin ang kanyang ina si Maria. Anong uri ng tao si Maria? Hindi siya ipinanganak sa isang kilala at mataas na uri ng pamilya, hindi siya nagbigay ng anumang kay Jose noong sila'y ikasal. Siguradong hindi nagbago ang kalagayan niya sa lipunan matapos siyang magpakasal. Ang totoo, isang manggagawang migrante si Jose nanirahan siya sa Nazareth matapos niyang lisanin ang Bethlehem na kanyang bayang tinubuan. Dulot ng maagang pagkamatay ng kanyang asawa, mag-isang binalikat ni Maria ang pagpapaunlad sa kanyang pamilya. Marahil, ito ang isa sa mga dahilan kung bakit hindi nakapag-asawa si Jesus, bilang panganay kailangan niyang suportahan ang kanyang ina at mga nakababata niyang kapatid. Gayunpaman, si Maria bilang babae ay larawan ng katatagan. Tiyak na siya ang unang guro ni Jesus sa mga Kasulatang Hudyo. Bilang matapat na ina, itinuro niya sa murang kaisipan ng kanyang mga anak ang kasaysayan ng kabayanihan ng Israel at ang mga bayaning tulad ni Moises, mga hukom at ang mga propeta.

Nasaksihan ni Jesus kung paano nagsikap si Maria bilang ina at tagapagtaguyod ng pamilya. Gayundin, nakita niya kung paano napanitili ng kanyang ina ang dignidad, katatagan at karangalan sa gitna ng mga di kaaya-ayang pangyayari at kahit ang panghahamak ng lipunan. Pangaraw-araw na niyang karanasan ang kahirapan at pagdurusa, na siyang nakatulong sa kanya upang harapin ang nakakikilabot na kamatayan ng kanyang pinakamamahal na anak.

Ang paniniwalang Kristiano ay may pagkilala na ang pagkapili sa mga magulang ni Jesus ang siyang pinakamahalang desisyong ginawa ng Diyos matapos niyang tawagin ang Israel bilang "ilaw ng mga bansa." Nakapanghihinayang lamang na walang anumang naitala ang iglesia tungkol kay Jose, ang ama ni Jesus. Subalit ang kakulangang ito'y napunan ng napakamakabuluhang salaysay tungkol sa kanyang ina, si Maria. Sa lahat ng mga tala, ipinakikita nito na siya ay babaeng may mababang uring pinagmulan sa lipunan kahalintulad ng mas nakararaming kababaihan sa kanyang kapanahunan. Ngunit ang kanyang pansariling pagkaunawa ay nagtataglay ng perspektibang sumasalamin sa pag-asa at aspirasyon ng kanyang kapanahunan at bansa: *sa pagdating ng Araw ng Panginoon*. Kanyang bubusugin ng mabubuting bagay ang mga nagugutom at palalayasin ng wala ni anumang mayayaman.

## Nursery/Kindergarten/Younger Elementary Levels

### I. Mga Layunin

Sa pagtatapos ng aralin at sa pamamagitan ng naaayon na halimbawang ipinapakita ng mga magulang at nakatatanda na mabuting huwaran, ang mga bata ay inaasahang;

1. natutukoy na si Maria ay ina ni Jesus identify Mary as Jesus' mother;
2. naipapakita ang pagtanggap sa mga ginawa ni Maria bilang ina ni Jesus;
3. nauulit ang mga gawa ng isang ina habang ipinapakita ang pag-ibig at pag-aalaga para sa kani-kanilang mga anak.

### II. Konsepto: Si Maria ay tinawag upang maging ina ni Jesus

**Mga Kagamitan:** Bibliya, offering plate, song chart, cookies at candies, activity sheets

### III. Mga Gawaing tungo sa Pagkatuto

#### A. Panimulang Pananambahan

1. Malugod na batiin ang mga bata at hayaan silang madama ang kapaligiran sa diwa ng tahanan at pag-ibig
2. Gamiting gabay ang Liturhiya ng pagdatal

#### B. Paghahanda

1. Ituro ang awit na "With Jesus in the Family"
2. Ihanda ang klase para sa laro ng "That's My Mom". Ipakita ang mga puppet stick, ang mga nanay at ang mga anak ay hindi nakaayos. Sabihin sa mga bata na tulungan ang mga nanay na hanapin ang kanilang mga anak.
3. Tanong: Ano ang iyong ginawa? ( Tinulungan namin ang mga nanay na hanapin ang kanilang mga anak ) Mayroon din ba kayong mga nanay? ( Opo ) Maari nyo bang ilarawan ang inyong mga nanay? ( Ang sagot ay maaring magkakaiba. Siya ay maganda, Siya ay mabango )

#### C. Panahon ng Pag-aaral

1. Sabihin: "Katulad ni Jesus, mayroon ding tayong ina. Aalamin natin sa aying kuwento kung sino ang ina ni Jesus."
2. Ikwento ang salaysay batay sa Lukas 1:26-35. Sabihin sa klase na gamitin ang activity sheet.

### Si Maria ang Ina ni Jesus

Si Maria ay isang mabait at simpleng babae. Mahal niya nang lubos ang Panginoon. Ngunit siya ay nakatakdang magpakasal kay Jose. Kaya't sa di inaasahang pagkakataon, ang anghel ng Panginoon ay nagpakita kay Maria. Ipinahayag niya na siya ay magkakaroon ng anak. At si Maria ay nagulat at natakot. Ngunit ang Anghel ng Diyos ay nagpahayag sa kanya "Huwag kang matakot Maria. Lubos kang minamahal ng Diyos. Sumasaiyo ang Diyos. Ang iyong anak ang siyang magiging tagapaligtas ng lahat at pangangalanan mo siyang Jesus. Magiging dakila siya sa lahat," Nagtanong si Maria, "Paano ako magdadalantao gayong hindi pa ako kasal kay Jose. Ang anghel ay tumugon, "Huwag kang mag-alala Maria. Ang banal na espiritu ay sasaiyo. Ang kapangyarihan ng Diyos ay lalagi sa iyo at ang anak ng Diyos ay isisilang sa pamamagitan mo.



*D. Pagpapalalim sa Aralin/Oras ng Pagbabahaginan*

1. Itanong ang mga sumusunod:
  - a. Sino ang ina ni Jesus ? (Maria)
  - b. Bakit pinili si Maria na maging ina ni Jesus? (Siya ay kinalugdan ng Diyos)
  - c. Papaano ipinakita ni Maria ang kanyang pagmamahal kay Jesus ? (Sa pamamagitan ng pag-aalaga sa kanya)
2. Sabihin sa mga bata na pakaisipin muna ang kanilang mga sarili bagosumagot sa mga tanong.
  - a. Ano ang pangalan ng iyong ina? (Ang kasagutan ay maaring magkakaiba )
  - b. Papaano magmamahal at mag-alaga ang inyong nanay sa inyo?
  - c. Katulad ni Maria, papaano rin natin maaring ipakita ang ating pagmamahal sa iba? (Maari nating ipakita ang pag-ibig sa pamamagitan ng pagkalinga sa iba. Maari nating ipakita ang pag-ibig sa pamamagitan ng pagtulong . Maari nating ipakita ang pag-ibig sa pamamagitan ng pagbabahagi.)
3. Sabihin sa klase na gumawa ng isang pantomime tungkol sa mga ginagawa ng mga nanay para sa kanila bilang pagpapakita ng pag-ibig sa kanila.

*E. Pagtuklas ng Katotohanan sa Biblia*

Itanong: “Sino ang ina ni Jesus? Sino ang nagsabi sa kanya na magiging ina siya ni Jesus? Paano niya ipinakita ang kanyang pagmamahal kay Jesus?”

*F. Pagsasagawa ng Katotohanang Biblikal*

1. Ituro ang biblikal na mga talata
 

**For N/K:** “Kaya nga’t ang Panginoon na rin ang magbibigay ng palatandaan; Maglililihi ang isang dalaga at manganganak ng lalaki.”(Isaias 7:14)

**For YE:** “Sumagot ang anghel, “Bababa sa iyo ang Espiritu Santo at lililiman ka ng kapangyarihan ng Kataas-taasan. Kaya’t banal ang ipanganganak mo ang tatawaging Anak ng Diyos. ( Lukas 1:35 )
2. Sabihin sa klase na gawin ang mga gawaing ito.
 

**For N/K:** I Care for You! Maghanda ng isang maliit na brown bag para sa bawat bata at isang poster na may “I CARE FOR YOU.” Sabihin sa kanila na idikit ito sa harapang bahagi ng brown bag ang poster. Kumuha ng mga “goodies” sa mesa ng guro at ilagay ito sa loob ng bag. Sabihin sa mga bata na ibigay ito sa kapwa nila bata bilang kapahayagan ng kanilang pag-ibig.

**For YE:** I Can Show Love! Sabihin sa klase na kulayan ang mga larawan na nagpapakita ng pag-ibig sa kapwa.

*G. Pangwakas na Pananambahan*

1. Sabihin sa klase o sa mga bata na sauluhin ang memory verse.
2. Paghahandog
3. Pangwakas na awit;”Many, Many Years Ago” and “With Jesus in the Family”
4. Pangwakas na panalangin: “Mahal naming Diyos, maraming salamat po sa linggong ito. Gabayan mo po kami ngayon habang kami ay natututo tungkol sa ina ni Jesus. Buksan mo po ang aming mga puso upang kami ngayo’y matuto kay Maria ngayon. Salamat po sa lahat ng pagmamahal ng aming mga nanay. Tulungan mo po kami na ipakita ang pag-ibig at pagkalinga para ibang mga bata sa mundong ito. Ito ay aming hinihiling sa pangalan ni Jesus. Amen!

## Middle and Older Elementary Levels

### I. Mga Layunin

Sa pagtatapos ng pag-aaral, ang mga bata ay inaasahang:

1. natutukoy na si Maria ay ina ni Jesus;
2. naipapaliwanag na si Maria ay tinawag na maging ina ni Jesus;
3. natatanggap ang katotohanan na ang mga bata ay tinawag ng Diyos para sa isang layunin; at
4. nakakapagpahayag ng pagtanggap sa pagkatawag ng Diyos sa atin sa pamamagitan ng isang poster.

### II. Konsepto: Si Maria ay hinirang upang maging ina ni Jesus.

**Mga Kagamitan:** *Bibliya* (NRSV, 1989), activity sheet, song chart, pangkulay, mga lapis, coupon bond or cartolina

### III. Mga Gawaing tungo sa Pagkatuto

#### A. Panimulang Pananambahan

1. Pagkakamustahan. Batiin ang bawat bata nang magiliw at hayaang madama nila ang kalagayan ng tahanan at pag-ibig.
2. Tunghayan ang Liturhiya sa Pagdatal.

#### B. Paghahanda

1. **Tagubilinan** ang mga mag-aaral na maghanda sa paglalaro ng "I SAY...YOU DO.." Sabihin sa kanila na gumawa ng isang malaking bilog. Maglagay ng isang korona upang gumampan katulad ng isang hari. Bigyan sila ng mga bagay na gagawin ng mga bata na nakasulat sa isang pirasong papel (strip of paper). Gagawin ng mga bata kung ano ang sinabi. Pagkatapos ay pupunta sila sa unahan.
  - a. Ang sinumang mga bata na mayroong letrang "a", ay tumalon ng limang beses pauna at limang beses patalikod.
  - b. Ang sinumang mga bata na nasa ikalimang grado ay sabihin ito ng dalawang beses; "*She sells seashells in the seashore.*"
  - c. Ang sinumang mga bata na may suot na itim na sapatos, ay sumayaw sa nais nyong musika
  - d. Ang sinumang bata na nakasuot ng pantalon, ay gumawa ng "*seven baby steps*" sa may pintuan.
  - e. Ang sinumang nakasuot ng pula, ay banggitin ang sinaulong tatala sa nagdaang linggo
  - f. Ang sinumang bata na ang apelyido ay mayroong letrang "e", ay maglaro ng "rock scissors and paper.
  - g. Ang sinumang bata na dumalo ng Sunday School noong nakaraang Linggo ay umawit ng "I have two Hands" na may aksyon.
  - h. Ang sinuman na mayroong mahabang buhok ang siya namang mangunguna sa pangwakas na panalangin mamaya.
  - i. Ang sinumang mayroong mga barya o pera sa kanilang bulsa o wallet, ay pumapalakpak ng sampung beses.
  - j. Ang sinumang nagdiriwang sa buwan ng Disyembre ay maaring manatili para ayusin ang ating kwarto mamaya.

2. Pagkatapos ng laro, ay itanong: Kailan kayo tinawag para gawin ang tungkulin, at paano kayo tumugon? Paano ninyo tiningnan yaong mga taong gumampan ng kanilang tungkulin?
3. Sabihin sa klase na mag-isip ng isang tauhan sa bibliya na tinawag ng Diyos para gumampan ng gawain.

**C. Panahon ng Pag-aaral**

1. Sabihin: “Tulad ng ating laro. Tinatawag ng Diyos ang mga tao para gumampan ng napakahalagang tungkulin. At isa nga si Maria dito. Siya ay tinawag ng Diyos na maging ina ni Jesus. Ngunit ating alamin sa kwento kung paano niya tinaggap ang kanyang pagkatawag bilang ina ni Jesus.
2. Hatiin ang klase sa dalawang grupo. Sabihin sila na gampanan ang papel bilang Anghel Gabriel at Maria. Kapag nakita na nila ang tauhang kanilang ginagampanan sa kwento, patayuin sila ng sama-sama at banggitin ng malakas ang mga salitang binabanggit ng mga tauhang kanilang ginagampanan. Magtalaga ng magiging tagapagsalaysay.
3. Ilahad ang kwento. Sabihin sa klase na gamitin ang activity sheet.

**Ang Pagtawag kay Maria**

(batay sa Lukas 1: 26-35)

Nang ikaanim na buwan, sinugo ng Diyos ang anghel sa isang bayan na tinatawag na Nazareth Galilea. Paglapit ng anghel sa kinaroroonan ni Maria na noo’y nakatak dang ikasal kay Jose, mula sa bayan ni David, ang anghel ng Panginoon ay nagpahayag sa kanya na huwag matakot sapagkat siya ay may dalang mabuting balita. “Maria, ikaw ay maglilihi at manganganak ng isang lalaki. Siya ay tatawagin mong Jesus. “Magiging dakila siya at tatawaging anak ng kataas-taasan. Ibibigay sa kanya ng Panginoong Diyos ang trono ng kanyang Amang si David at maghahari siya magpakailanman. “Ngunit papaanong mangyayari ito gayong ako’y dalaga?” tanong ni Maria. Sumagot ang anghel; “Bababa sa iyo ang Banal na Espiritu at lililiman ka ng kapangyarihan ng Kataas-taasan. Siya ay tatawaging Anak ng Diyos. “Ako’y alipin ng Panginoon” Mangyari nawa sa akin ang iyong sinabi.” Sagot ni Maria . At nilisan siya ng anghel.

**D. Pagpapalalim sa Aralin/Oras ng Pagbabahaginan**

1. Ipaliwanag ang teksto at ang kwento sa pamamagitan ng pagsagot sa mga sumusunod na katanungan:
  - a. Ano ang mabuting balitang dala ng Anghel Gabriel kay Maria? (Ipapanganak ni Maria ang Anak ng Diyos)
  - b. Paano tinugon ni Maria ang pagkatawag sa kanya ng Diyos? (Tinanggap ni Maria nang may kapakumbabaan ang pagkatawag sa kanya ng Diyos)
  - c. Sa tingin ninyo, bakit minarapat na piliin ng Diyos si Maria na maging ina ni Jesus? (Iniibig ni Maria ang Diyos. Siya ay mapagmahal at nagtatapat sa Diyos. Kaya’t talagang aalagaan niyang mabuti ang Anak ng Diyos.)
2. Sabihin: “ Tulad ni Maria, Ang Diyos ay tumatawag sa atin para gawin ang mga bagay para sa kanya. Bakit? (Pagkat ang bawat isa ay tinawag para gawin ang mga bagay na magbibigay kapurihan sa Diyos.) Hayaang magbigay ng mga halimbawa ng pamamaraan ang buong klase na magbibigay kapurihan sa Diyos sa mga sumusunod na lugar. Asahan ang iba’t-ibang kasagutan.

- a. Sa bahay (Sundin ang ating mga magulang)
- b. Sa paraalan (Mag-aral nang may katapatan. Maging mabuting kaibigan)
- c. Sa simbahan (Sambahin ang Diyos at ibigin ang kapwa mananampalataya)
- d. Sa pamayanan

**E. Pagtuklas ng Katotohanan sa Biblia**

Sabihin: “Si Maria ay tinawag ng Diyos upang maging ina ni Jesus. Tinanggap niya ang pagkatawag na ito ng buong puso.” Itanong: Paano inaalagaan ni Maria si Jesus? Paano tayo inaalagaan ng ating mga magulang bilang sila man ay tinawag ng Diyos upang ating maging mga magulang?

**F. Pagsasagawa ng Katotohanang Biblikal**

1. Ituro ang batayang teksto

**For ME:** “Ang anghel ay nagpahayag sa kanya, “Bababa sa iyo ang Banal na Espiritu at lililiman ka ng kapangyarihan ng Kataas-taasan kaya banal ang ipanganganak mo at tatawaging Anak ng Kataas-taasan.” (Lukas 1:35)

**For OE:** “Sumagot ang anghel sa kanya; Huwag kang Matakot Maria, Ikaw kalugod-lugod sa Diyos . At ngayon ikaw ay maglilihi at manganganak ng isang lalaki at tatawagin mo siyang Jesus. Magiging dakila siya at tatawaging Anak ng Kataas-taasan at Ibibigay sa kanya ng Panginoong Diyos ang trono ng kanyang amang si David. Maghahari siya magpakailanman sa angkan ni Jacob at ang kanyang paghahari ay walang hanggan. (Luke 1:30-33)

2. Sabihin sa klase na gawin ang mga gawaing ito.

**For ME:** *Poster making. Maghanda ng mga recyclable materials sa klase at sabihin sa kanila na ipahayag ang kanilang pagtanggap sa pagkatawag ng Diyos sa iyo sa pamamagitan ng isang poster.* (Ang gawaing ito ay nangangailangan ng paggugupit kaya’t ang likod na bahagi ay talagang hinayaang blanko o walang laman.)

**For OE:** *Writing one’s thoughts.* Sabi ng Bibliya..... Sabi ko.....Sabihin sa klase na kulayan ang mga larawan na nagpapakita ng pagmamahal sa kapwa.

**G. Pangwakas na Pananambahan**

1. Sabihin sa klase na sauluhin ang memory verse
2. Paghahandog
3. Reflective action: “Aking gagawin kung ano ang tama kapag tinawag na gawin ang isang bagay.”
4. Pangwakas na awit: “What Child is This?” Hymnal of a Faith Journey #138  
“Silent Night! Holy Night!” (by Franz Gruber 1818, Hymnal of a Faith Journey # 129)
5. Pangwakas na panalangin: “Mahal naming Diyos, salamat posa iyong pagkatawag sa bawat isa sa amin para gumawang kasama ninyo. Tulad ni Maria, ay tulungan mo kami na tanggapin ang iyong pagkatawag sa amin. Tinawag mo kami upang ipakita ang pag-ibig, kabaitan, at pag-aalaga sa isa’t-isa. Tulungan mo po kami na tumugon sa iyong panawagan nang buong puso.Sa pangalan ni Jesus... Amen

## Youth Level

### I. Mga Layunin

Sa pagtatapos ng aralin, ang mga mag-aaral ay inaasahang;

1. nasusuri ang pinagbatayang teksto kung saan ipihayag ang kapanganakan ng anak ni Maria;
2. naipapaliwanag kung paano tinanggap ni Maria ang kanyang pagkatawag na maging ina ni Jesus;
3. natatalakay ang kahalagahan ng pagtanggap ni Maria sa kanyang pagkatawag; at
4. naipapahayag kung paano tinanggap ng sinumang ang isang tawag ng Diyos na may layunin.

### II. **Konsepto:** Tinanggap ni Maria ang kanyang pagkahirang bilang ina ni Jesus.

**Mga Kagamitan:** Bibliya, hymnal, activity sheets, larawan ni Maria at ng Anghel Gabriel, dyornal

### III. Mga Gawaing tungo sa Pagkatuto

#### A. *Panimulang Pananambahan*

1. Pagkukumustahan. Kamustahin ang bawat bata habang sila ay pumapasok sa kwarto.
2. Tunghayan ang Liturhiya ng Pagdatal

#### B. *Paghahanda*

1. Laro. Hatiin ang klase sa tatlong grupo para maglaro ng charades. Ang bawat grupo ay bibigyan ng kapiirasong papel at sa loob ng dalawang minuto ay kailangang pangalanan nila ang mga tauhan sa Biblia na gumampan ng tungkulin sa Diyos.
 

Unang grupo

  - a. Tinawag siya ng Diyos para gumawa ng Arko.(Noe)
  - b. Tinawag siya ng Diyos para pangunahan ang Israel patungo sa lupang pangako. (Moises)
  - c. Siya ay tinawag ng Diyos para pagharian ang bayan ng Diyos. Napatay niya ang higitang si Goliat (David).
  - d. Pagkatapos niyang manatili sa loob ng dambuhalang isda, ay tinawag siya ng Diyos upang pumunta sa Ninever para balaan ang bayan nalalapit na paghatol ng Diyos dahil sa kanilang kanilang kapalaluan at kasamaan (Jonas).

Ikalawang grupo

  - e. Nawalan siya ng paningin at sinabi ng Diyos sa kanya na ipahayag ang mabuting balita sa mga hari, Judio at mga Hentil (Pablo).
  - f. Siya ay nagising nang tawagin siya ng Diyos upang ipahayag ang balita kay Propeta Eli (Samuel).
  - g. Nilinis ng anghel ang kanyang labi gamit ang buhay na uling mula sa altar upang maging Propeta ng Diyos (Isaias).
  - h. Tinulungan niyang magtago ang mga tiktik na Israelita mula sa mga bantay ng hari (Rahab).

Ikatlong grupo

  - i. Siya ay humiling ng tanda sa Diyos upang patunayan na siya ay pinili para maging pinuno ng hukbo ng Israel (Gideon).

- j. Tinawag siya ng Diyos kahit na siya ay bata, at hinipo ang kanyang labi upang maging tagapaghatid ng mabuting balita ng Diyos (Jeremias).
  - k. Bagamat siya ay matanda na, Ginamit pa rin siya ng Diyos upang magsilang ng isang bata na tutupad sa kanyang pangako kay Abraham para maging ama ng maraming lahi (Sarah).
  - l. Sumunod siya sa Diyos sa pamamagitan ng pagsama niya sa kanyang biyenang si Noemi na naging isang dakilang lola ni Jesus (Ruth).
2. Pagtalakayan ang larong Itanong ang mga sumusunod na mga katanungan:
    - a. Sa tingin ninyo papaano nagampanan ng mga tauhang ito ang mga bagay na hinihiling ng Diyos sa kanila? (Karamihan sa kanila ay nanalangin sa Diyos upang humingi ng gabay sa kanilang paggampan ng mga gawaing iniatang sa kanila ng Diyos.)
    - b. Ano sa palagay ninyo ang maaring mangyari kung ang mga tao ay di sumunod sa pagkatawag ng Diyos? (Marami sa atin ay pinalalampas ang biyaya ng Diyos. Kaya ng Diyos na palakihin at tawagin ang isang bagong tao. Ngunit ang mga taong tumanggi sa pagkatawag ng Diyos ay hindi kailanman makatatanggap ng gantimpala mula sa Kanya.)
  3. Sabihin: Halina't ating alamin ang iba pang tauhan na tinawag ng Diyos para gawin ang isang katangi-tanging tungkulin at tingnan kung paano niya tinanggap at tinugon ang bagay na ito.

#### C. *Panahon ng Pag-aaral*

1. Sabihin sa klase na basahin ang pinagbatayang teksto. Bigyang diin na ang teksto sa matandang tipan ay naganap sa Bagong tipan.
2. Hayaang punan ng mga mag-aaral ng mga dayalogo ang comic strips gamit ang tala ayon kay Lukas. 1:26-35. Sabihin sa klase na gamitin ang activity sheet para sa layuning ito.

#### D. *Pagpapalalim sa Aralin/Oras ng Pagbabahaginan*

Sa maliit na grupong limahan, hayaang sagutin ng bawat grupo ang alinman sa mga tanong sa ibaba. Maglaan ng limang minuto upang ibahagi ng bawat grupo ang kanilang napagtalakayan sa buong klase.

1. Ano ang magandang balita ni Angel Gabriel kay Maria? (Ipinahayag ni Gabriel na si Maria ay magsisilang ng Anak ng Diyos.)
2. Bakit nagulat si Maria nang marinig niya ang balita ng Anghel Gabriel? (Si Maria ay nagulat dahil itinuring niya ang kanyang sarili na hindi kumatawan at hindi karapat-dapat upang magsilang ng Anak ng Diyos.)
3. Ano ang naging tugon ni Maria sa pagkatawag sa kanya ng Diyos? (Tinanggap ni Maria ng buong kapakumbabaan ang kanyang pagkatawag.)
4. Ano ang sinasabi sa iyo ng kwento tungkol sa karaniwang tugon ng mga tao kapag tinatawag sila ng Diyos upang gawin ang natatanging gawain? (Maaaring magkakaiba ang mga sagot.)
5. Ano ang ipinapahayag ng kwento tungkol sa iyong pagtugon sa pagkatawag ng Diyos? (Maaaring magkakaiba ang mga sagot.)

#### E. *Pagtuklas ng Katotohanan sa Biblia*

Sabihin: "Nais ng Diyos na lumago ang kanyang mesiyas sa ilalim ng pangangalaga ng isang ina na katulad ni Maria."

Itanong: "Ano ang kahalagahan ng pagtanggap ni Maria sa kanyang pagkatawag? Ano ang inyong nagustuhan sa mga katangian ni Maria at sa paraan ng kanyang pagtanggap sa pagkatawag ng Diyos? Sa inyong palagay bakit mahalaga ang pagtanggap ni Maria sa pagkatawag ng Diyos na maging ina ng Mesiyas?"

*F. Pagsasagawa ng Katotohanang Biblikal*

1. Sabihin: "Batay sa inyong kasagutan sa tanong sa numerong 5. Isulat ang inyong aksyon kung paano ninyotatanggapin ang pagkatawag sa inyo ng Diyos para sa isang layunin. Isama na rin sa inyong pagsusulat ang kwento ng panahon naramdaman ninyo ang pagtawag ng Diyos para gawin ang mga bagay na mahirap ngunit sinunod ninyo anuman ang mangyari. Ibahagi kung anu-anong mga problemang ang inyong kinaharap at ano o sino ang tumulong sa inyo para sumunod sa pagkatawag ng Diyos.
2. Pagkatapos ay tapusin ang inyong mga isinulat sa isang maikling panalangin ng pasasalamat sa aktibong pagkilos ng Diyos sa inyong buhay upang dinggin ang kanyang pagkatawag. Maghanda ng activity sheet para sa gawaing ito.

*G. Pangwakas na Pananambahan*

1. Sasauluhing: "Kaya nga't ang Panginoon na rin ang magbibigay ng palatandaan: Maglilihi ang isang dalaga at manganganak ng lalaki at tatawaging Emmanuel. " ( Isaias 7:14).
2. Paghahandog
3. Pangwakas na awit: "Silent Night! Holy Night!"
4. Pangwakas na panalangin: "Aming Diyos, nagpupuri kami sa iyo dahil hinayaan mo kaming makilala si Maria na nag-alay ng kanyang sarili para sa iyong kalooban. Nawa'y maging katulad rin niya kami na tumugon sa iyong tawag ng paglilingkod na gamitin ang mga kaloob na aming tinanggap mula sa iyo. Sa pangalan ni Jesus, ito ang aming dalangin. Amen!

## Adult Level

### I. Mga Layunin

Sa pagtatapos ng aralin ang mga mag-aaral ay inaasahang:

1. nailalarawan ang panlipunang pinagmulan ni Maria;
2. naipapaliwanag ang kahalagahan ng panlipunang kalagayan ni Maria nang siya ay tawagin ng Diyos upang maging ina ni Jesus;
3. nakapaglalalahad ng pagtatalaga kahalintulad ng ginawa ni Maria sa kanyang pamilya at pananampalatya; at
4. nasusundan ang halimbawa ni Maria, bilang magulang sa paghuhubog ng pamilya sa panahon ng katiwasayan at maging sa gitna ng mga paghihirap.

**I. Konsepto:** Kinalinga ni Maria sa pananampalataya ang kanyang pamilya.

**Mga Kagamitan:** Bibliya (NRSV, 1989), hymnal, activity sheets

### III. Mga Gawaing tungo sa Pagkatuto

#### A. Panimulang Pananambahan

1. Pagkakamustahan: Hikayating magbahagi ng mga karanasan ang mga matatanda.
2. Gamiting gabay ang Liturhiya ng Pagdataal

#### B. Paghahanda

Sabihin sa klase na maglaro ng “Name that Parent!” Isulat ang mapagkikilanlan ng bawat tauhan sa kapirasong papel at ilagay ang mga ito sa lalagyan. Sabihan ang mga mag-aaral na kumuha ng isa at pangalanan ang tauhang tinutukoy. Ipamahagi ang activity sheet.

1. Nanalangin siya ng mahabang panahon sa Diyos na pagkalooban siya ng anak, hanggang sa ito’y ipagkaloob sa kanya. Pagkatapos siya’y nangako sa Diyos na kanyang ihahandog ang bata para tumira sa templo at maglingkod sa kanya ( Anna)
2. Pinakinggan niya ang anghel ng Diyos at inilayo ang kanyang pamilya sa Israel para maprotektahan sila. (Jose)
3. Sa tulong ng kanyang lola at ina tinuruan nila si Timoteo na magkaroon ng pananampalataya sa Panginoon at tulungan si Pablo sa kanyang ministeryo at misyon . (Lois and Eunice)
4. Tinipon niya ang mga Israelita para sa pagpapanibago ng tipan sa Shechem. Pagkatapos ipinangako niya sa kaniyang sarili at sa kaniyang sambahayan na maglilingkod sa iisa at tanging Diyos lamang. (Josue)
5. Nang nagsugo ang Diyos ng anghel ng kamatayan para patayin ang lahat ng mga panganay na bata sa Egipto, ay ipinaalala niya sa mga tao ang gagawing pagliligtas ng Diyos sa bayan ng Israel. (Moises)
6. Bagamat hindi isang babaeng Israelita, nang ang kanyang anak ay magkasakit, pumunta siya kay Jesus at humiling siya na iligtas ito. ( Babaeng Cananea )
7. Nang sabihin ng Diyos sa kanya na ialay ang kanyang anak, sinunod naman niya ang Diyos at iniligats ng Diyos ang kanyang anak. (Abraham)



C. *Panahon ng Pag-aaral*

1. Sabihin sa klase na basahin ang batayang teksto. Ipaliwanag na ang mga tala sa matandang tipan ay nagkaroon ng katuparapan sa pamamagitan ng mga tala sa bagong tipan. at hilingin sa klase na bigyang kahulugan ito.
  - a. *Malalimang Pag-unawa sa Batayang Biblikal.* Sa likod ng aralin:  
Nangangahulugan lamang ito na ang Diyos ay nagbibigay ng panibagong perspektiba tungkol sa mapangligtas na gawa ng Diyos sa pamamagitan ng kanyang mga instrumento na ang turing ng marami ay imposible o di nararapat katulad ni Maria; bukod sa pagiging babae ay hindi pa ikinakasal. Ang kapahayagang ito ni Gabriel ay lalong nagpaalala sa kalagayan ni Maria at sa pagtingin ng pamayanan sa kanya bilang dalagang nagdadalantao at hindi pa opisyal na ikinakasal. Ganun pa man, buong puso niyang tinanggap ang kalooban ng Diyos sa pamamagitan ng pagpapasakop sa Kanya bilang mapagpakumbabang lingkod. Ipinapakita ng pangyayaring ito ang uri ng espirituwalidad na mayroon siya, pananampalatayang matapang kahit katumbas nito'y ang kanyang karangalan at paggalang ng pamayanan. Ipinapakita rin ng karanasang ito ni Maria na ang Diyos ang Siyang may kontrol anuman ang mangyari. Tanging ang Diyos lamang ang makapangyayari sa kanyang buhay ayon na rin sa Kanyang kalooban at tanging sa kapangyarihan lamang Niya magkakaroon ng katuparan ang lahat ng bagay-bagay.
  - b. *Gabay.* Upang malalim na makilala si Jesus, marapat muna nating kilalanin ang kanyang ina si Maria. Anong uri ng tao si Maria? Hindi siya ipinanganak sa isang kilala at mataas na uri ng pamilya, hindi siya nagbigay ng anuman kay Jose noong sila'y ikasal. Siguradong hindi nagbago ang kalagayan niya sa lipunan matapos siyang magpakasal. Ang totoo, isang manggagawang migrante si Jose nanirahan siya sa Nazareth matapos niyang lisanin ang Bethlehem na kanyang bayang tinubuan. Dulot ng maagang pagkamatay ng kanyang asawa, mag-isang binalikat ni Maria ang pagpapaunlad sa kanyang pamilya. Gayunpaman, si Maria bilang babae ay larawan ng katatagan. Tiyak na siya ang unang guro ni Jesus sa mga Kasulatang Hudyo. Bilang matapat na ina, itinuro niya sa murang kaisipan ng kanyang mga anak ang kasaysayan ng kabayanihan ng Israel at ang mga bayaning tulad ni Moises, mga hukom at ang mga propeta.
  - c. Dahil sa maagang pagkamatay ng kanyang asawa, mag-isang binalikta ni Maria ang pangangalaga ng kanyang pamilya. Paano niya ginampanan ang tungkuling ito? Gamit ang dalawang kolum, punan ng mga kasagutan ang nawawalang mga detalye.

Pangunahing ideya  
Paano kinalinga ni Maria ang  
kanyang pamilya

Mga Detalye  
Posibleng mga sagot. Tinuruan niya sila ng pananampalataya batay sa Torah. Matiyaga niyang binigyang kasagutan ang mga tanong ng kanyang anak. Dinala niya ang kanyang mga anak sa sinagoga. Tinugunan ang kanilang pangangailangang pisikal. Palagi siyang nanalangin para sa patnubay ng Diyos. (Asahan ang iba pang mga kasagutan)

*D. Pagpapalalim sa Aralin/Oras ng Pagbabahaginan*

Mga tanong.

1. Ano ang panlipunang pinagmulan ni Maria? (Si Maria ay isang pangkaraniwang tao. Hindi rin siya nagmula sa maharlikang angkan. Nakipagtipan siya kay Jose na isa ring karaniwang tao.)
2. Bakit nagulat si Maria nang marinig niya ang balita ng Anghel Gabriel? (Siya ay magdadalan-tao sa kabila ng kanyang pagiging birhen at hindi pa ikinakasal.)
3. Paano niya tinanggap ang pagkatawag sa kanya ng Diyos?(Tinanggap ni Maria ang pagkatawag sa kanya nang buong-buo lakip ang lubos na pagpapasakop sa kalooban ng Diyos bilang mapagpakumbabang lingkod. Ipinakita nito ang matapang na espirituwalidad na mayroon si Maria kahit ang kapalit nito'y ang kanyang karangalan at paggalang ng komunidad.)
4. Mayroon bang halaga o kabuluhan ang panlipunang pinagmulan ni Maria nang siya'y hirangin na maging ina ni Jesus? Bakit o bakit hindi? ( Oo, dahil siya ay halimbawa ng kawalan na tanging ang Diyos lamang ang makapupuno. Wala siyang ibang maihahandog sa Diyos kundi ang ialay ang kanyang sarili para sa plano ng Diyos.

*E. Pagtuklas ng Katotohahan sa Biblia*

*Itanong: "Paano naihalalintulad ang paraan ni Maria sa paghuhubog ng kanyang pamilya sa pananampalataya sa mga magulang sa kasalukuyan? "*

*F. Pagsasagawa ng Katotohanang Biblikal*

Sabihin sa klase na alalahanin ang naging gawain na "pangalanan ang mga magulang." Itanong: Maari ba ninyong pangalanan ang mga magulang na nagpapakita ng kaparehong katangian ng mga tauhang nabanggit sa gawain?"

*G. Pangwakas na Pananambahan*

1. Paghahandog
2. Pangwakas na awit: "Silent Night! Holy Night!"
3. Pangwakas na panalangin: "Aming Panginoon, nagpupuri kami sa'yo dahil hinayaan mo kami na makilala si Maria na nag-alay ng kanyang sarili sa iyong kalooban. Nawa'y maging katulad niya kami na tumugon sa iyong panawagan ng paglilingkod gamit ang mga kaloob na aming tinanggap mula sa'yo. Sa Pangalan ni Jesus , ito ang aming dalangin...Amen!